



KASUNDUAN SA OSPITAL NG PRIBADONG PASYENTE

Ang iyong mga karapatan at katungkulan bilang isang pribadong pasyente sa isang pampubliko o pribadong ospital

Bilang isang pribadong pasyente ikaw ay may karapatang pumili ng iyong sariling doktor, at magpasiya kung ikaw ay pupunta sa isang pampubliko o pribadong ospital na pinapasukan ng iyong doktor. Ikaw ay maaari ding magkaroon ng karagdagang mapagpipilian kung kailan ka maaaring magpa-ospital. Kahit na ikaw ay may pribadong pangkalusugang seguro maaari mo ring piliing magamot bilang isang pampublikong pasyente sa isang pampublikong ospital nang walang bayad, magamot ng isang doktor na hinirang ng ospital.

- **Impormasyon tungkol sa paggagamot sa iyo** – Ikaw ay dapat bigyan ng doktor mo ng isang malinaw na pagpapaliwanag ng iyong diyagnosis, ang paggagamot sa iyo (at anumang kaugnay na mga panganib), ang kaugnay na gastos, at iba pang mapagpipiliang paggagamot na maaaring makuha. Maliban sa isang kagipitan kung saan hindi maaaring gawin, dapat nilang makuha ang iyong pahintulot bago maganap ang anumang paggagamot.
- **Alam ang Gastusin na Pagpayag** – Ang iyong doktor at iba pang tagadulot ng-serbisyong pangkalusugan ay dapat magbigay sa iyo ng impormasyon ukol sa mga gagastusin ng iminungkahing paggagamot, kabilang ang anumang maaaring bayarang mga gastos mula sa iyong sariling bulsa, at makakuha ng iyong pagpayag ukol sa maaaring maging mga gastos bago pa ipagpatuloy ang paggagamot.
- **Iba pang medikal na mga opinyon** – Maaari kang humingi ng mga pagsasangguni para sa iba pang medikal na mga opinyon (maaaring may karagdagang mga gastos kaugnay ng paggawa nito na maaaring hindi masakop ng Medicare o ng iyong pribadong pangkalusugang seguro)
- **Mga bisita** – Ang ospital na iyong pupuntahan ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa mga kaayusan sa pagbisita ng iyong pamilya at mga kaibigan habang ikaw ay nasa ospital kabilang ang paroot-parito ng pamilya (at kung sino ang itinuturing na pamilya), mga kaayusan para sa mga magulang o tagapag-alaga kung bata ang pasyente, at kung kailan maaaring bumisita sa iyo ang iyong mga kaibigan.
- **Humingi ng payo tungkol sa mga gastos** – Bilang isang pasyente na may pribadong pangkalusugang seguro, lahat ng iyong paggagamot sa ospital at mga medikal na gastos ay maaaring sakop ng iyong seguro, o ikaw ay maaaring magbayad ng ilang mga gastos mula sa sariling bulsa (mga puwang). Sa ilang mga kaso ikaw ay maaari ding magbayad ng tinatawag na lagpas ('excess') o kahati sa bayad (co-payment). Bago ka magpunta sa ospital, magtanong sa iyong pribadong tagadulot ng-serbisyo sa pangkalusugang seguro, doktor(mga) at ospital tungkol sa inaasahang mga gastusin ng iyong paggagamot, kabilang ang posibleng mga gastos para sa pagtanim ng medikal na mga kagamitan sa pamamagitan ng operasyon at prosteses (Tunghayan ang pahina sa likuran para sa ilang iminungkahing mga tanong tungkol sa mga gastos).
- **Pagiging Kompidensiyal at pag-access sa iyong medikal na mga rekord** – Ang iyong personal na mga detalye ay pananatiliing mahigpit na kompidensiyal. Gayunpaman, may mga oras na kakailanganing ibigay ang impormasyon tungkol sa iyo sa iba pang manggagawang pangkalusugan upang makatulong sa pangangalaga sa iyo kung ito ay kailangan o pinahintulutan ng batas. Kailangan mong lumagda sa isang form upang sumang-ayon na ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng pangkalusugang seguro ay mayroong pag-access sa ilang impormasyon upang magpahintulutang gumawa ng mga kabayaran para sa iyong paggagamot. Sa ilalim ng batas ng Kalayaan para sa Impormasyon (Freedom of Information) ikaw ay may karapatang makita at makakuha ng kopya ng iyong medikal na mga rekord na nakatago sa pampublikong ospital. Sa ilalim ng Pambansang mga Prinsipyo sa Pagiging Pribado (National Privacy Principles) ikaw ay mayroon ding pangkalahatang karapatan na ma-access ang personal na impormasyong nakolekta ng pribadong sektor tungkol sa iyo.
- **Pagtrato nang may respeto at dangal** – Habang nasa ospital maaari kang umasa na tratuhin nang may respeto at paggalang sa iyong pagka-etniko, pangkultura at pangrelihiyong mga kagawian at mga paniniwala. Dapat ka ring maging magalang sa iyong mga manggagawa sa pangkalusugang pangangalaga at iba pang mga pasyente at ituring sila nang may pitagan at respeto.
- **Pangangalaga at suporta mula sa mga nars at kaalyadong mga pangkalusugang propesyonal** – Ang mga nars at kaalyadong mga pangkalusugang propesyonal ay nagbibigay ng mahalagang pangangalaga at suporta at mahalagang bahagi ng paggagamot sa iyo sa ospital. Ang mga kawaning nag-aasikaso sa iyo ay dapat na parating magpapakilala sa iyo at ikaw ay dapat makadama ng may pagtitiwala upang matalakay sa iyong mga manggagawa sa pangkalusugang pangangalaga ang anumang mga usapin na may kaugnayan sa iyong paggagamot o karanasan sa ospital.

- **Makilahok sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga** – Bago umalis ng ospital dapat kang konsultahin tungkol sa patuloy na pangangalaga na maaaring kailanganin mo matapos na ikaw ay lumabas ng ospital. Kabilang dito ang pagtanggap ng impormasyon tungkol sa anumang medikal na pangangalaga, medikasyon, pangangalaga sa tahanan o iba pang mga serbisyong pangkomunidad na maaaring kailanganin mo matapos kang umuwi ng tahanan.
- **Mga puna o reklamo** – Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa anumang aspeto ng paggagamot sa iyo sa ospital dapat mo munang banggitin ito sa mga kawani ng nag-alaga sa iyo o sa ospital. Kung hindi ka nasiyahan kung paano hinarap ng ospital ang iyong mga alalahanin, ang bawat Estado at Teritoryo ay may independiyenteng samahan na humaharap sa mga reklamo tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan at mga nagtatrabaho dito. Kung ang iyong katanungan o reklamo ay may kaugnayan sa pribadong pangkalusugang seguro, dapat mo munang kausapin ang tagadulot ng-serbisyo sa iyong pangkalusugang seguro. Kung ang iyong mga alalahanin ay nanatiling hindi nalulutas maaari kang kumontak sa Private Health Insurance Ombudsman sa 1800 640 695 (freecall).
- **Magbigay ng wastong impormasyon** – Upang matulungan ang mga doktor/mga espesyalista at mga kawani ng ospital na mabigyan ka ng naaangkop na pangangalaga, kailangan mong magbigay ng impormasyon katulad ng kasaysayang pampamilya at pangmedikal, mga alerdyi, pisikal o sikolohikal na mga kondisyong nakakaapekto sa iyo, at anumang iba pang paggagamot na tinatanggap mo o gamot na iyong iniinom (kahit na hindi inireseta ng iyong doktor).
- **Makilahok sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga** – Bago umalis ng ospital dapat kang konsultahin tungkol sa patuloy na pangangalaga na maaaring kailanganin mo matapos na ikaw ay lumabas ng ospital. Kabilang dito ang pagtanggap ng impormasyon tungkol sa anumang medikal na pangangalaga, medikasyon, pangangalaga sa tahanan o iba pang mga serbisyong pangkomunidad na maaaring kailanganin mo matapos kang umuwi ng tahanan.

Alamin ang tungkol sa anumang maaaring maging mga gastusin bago ka magpunta sa ospital

Magtanong sa doktor o espesyalistang tumitingin sa iyo :

- para sa nakasulat na kumpirmasyon kung magkano ang kanilang singil at kung magkano ang malamang na sakop sa ilalim ng Medicare ng iyong pribadong pangkalusugang seguro.
- kung sila ay kalahok sa mga kaayusan para sa kakulangan na sakop ng iyong tagadulot ng-serbisyo sa pangkalusugang seguro at kung ikaw ay malamang na magbayad sa kakulangan, magkano naman kaya ito.
- kung kasangkot ang ibang mga doktor o medikal na kawani sa paggagamot sa iyo at kung paano ka makakakuha ng impormasyon tungkol sa kanilang mga singil at kung sila ay sakop ng iyong pribadong pangkalusugang seguro.
- para sa pagtatantiya ng iba pang mga gastos na kaugnay sa iyong medikal na paggagamot na maaaring hindi sakop ng Medicare o ng iyong pribadong pangkalusugang seguro (hal. mga gastos sa botika, pangdiyagnostikong mga pagsusuri).
- kung ikaw ay pssailalim sa pagtanim-t ng kagamitan sa pamamagitan ng operasyon o prosteses at kung ikaw ay magbibigay ng kontribusyong bayad para sa halaga nito.

Magtanong sa iyong tagadulot-ng serbisyo sa pangkalusugang seguro:

- kung ang paggagamot na gagawin sa iyo ay sakop ng iyong pribadong pangkalusugang seguro s at kung may anumang hindi mga kasama o may mga panahon ng paghihintay na kasalukuyang naaangkop sa paggagamot na ito sa ilalim ng polisiya. Kung ikaw ay buntis, kausapin ang iyong tagadulot ng-serbisyo sa pangkalusugang seguro nang maaga hanggat maaari sa panahon ng iyong pagbubuntis upang alamin kung anong mga patakaran ang naaangkop sa pagpapanak at bagong silang na mga sanggol.
- kung ikaw ay magbabayad sa lagpas (excess) o kahati sa bayadt, at, kung ganoon nga, magkano naman ito.
- tungkol sa antas ng pamamalagi sa ospital na sakop ng iyong polisiya (sakop lamang ng ilang mga polisiya ang pagiging pribadong pasyente sa isang pampublikong ospital).
- kung ang iyong taga-seguro ay may kasunduan sa ospital na iyong pinagpapagamutan.
- kung kailangan mong magbayad ng karagdagan para sa mga kagamitang itinanim t sa pamamagitan ng operasyon o prosteses.
- kung may nakalaang mga kaayusan para sa anumang seguro sa kakulangang i na maaaring naaangkop sa iyo.

Magtanong sa iyong ospital:

- kung ang ospital ay may kasunduan sa iyong tagadulot ng-serbisyo sa pribadong pangkalusugang seguro.
- kung kailangan mong magbayad ng anumang halaga mula sa iyong sariling bulsa para sa iyong pamamalagi sa ospital.
- kung ikaw ay magbabayad ng karagdagan halaga na hindi sakop ng iyong pribadong pangkalusugang seguros (hal. upa sa telebisyon, mga tawag sa telepono).